



MGA SAYSAY NG GAMAPIKASYON: PAGDALUMAT SA MGA KARANASAN AT HAMON SA PAGTUTURO

Erlen G. Manait

Mananaliksik, Rizal Memorial Colleges, Inc.

ABSTRACT

Layunin ng pag-aaral na ito na mailarawan ang mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon upang makaangkop sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; matukoy ang mga hamon na nararanasan ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; at makabuo at makapaglahad ng mga kuro-kuro o pag-unawa batay sa karanasan at hamon ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ginamit sa pag-aaral ang kuwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng pasalitang kasaysayan at pagsusuring tematiko. Ang mga datos ay nakalap mula sa malalalim na panayam sa mga piling kalahok na may karanasan sa paggamit ng gamipikasyon. Sinuri ang mga salaysay upang mabuo ang mga pangunahing tema at sentral na idea kaugnay ng mga saysay ng gamipikasyon sa pagtuturo. Natuklasan sa pag-aaral na ang paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ay maaaring maging mabisang paraan upang mapataas ang motibasyon, interes, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Mahalagang maisaalang-alang ng mga guro ang paggamit ng mga elemento tulad ng puntos, gantimpala, talaan ng nangunguna, at interaktibong gawain upang makalikha ng mas makahulugan, masaya, at nakasentro sa mga mag-aaral na kapaligiran sa silid-aralan. Iminumungkahi na hikayatin ang mga paaralan at institusyon na magsagawa ng tuloy-tuloy na palihan, at pagsasanay upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon.

MGA SUSING SALITA: Saysay, Gamipikasyon, Pagdalumat, Karanasan, Hamon, Sangay Ng Lungsod Ng Davao

KABANATA I – PANIMULA

Patuloy ang pagsisikap ng mga guro at institusyong pang-edukasyon na gawing higit na makabuluhan, interaktibo, at nakaengganyo ang pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto sa silid-aralan. Maraming bansa sa sekondarya ay gumagamit ng estratehiyang gamipikasyon, makikita ang mga elemento ng laro tulad ng puntos, gantimpala, hamon, at ranggo ay isinasama sa mga aralin upang mapalakas ang interes, motibasyon, at aktibong paglahok ng mga mag-aaral (Kapp, 2022; Dichev at Dicheva, 2023).

Ayon kina Demirbilek at Alzouebi (2022), sa bansang Turkey at United Arab Emirates, ang paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ay nagbubunga ng mabuting pagkatuto ng mga mag-aaral, dahil nakikita nila itong estratehiya para maging makabuluhan at masigla ang talakayan sa loob ng klase. Para kina Chen at Liang (2022), maraming mag-aaral ang nagiging hindi aktibo sa klase dahil sa kakulangan ng makabuluhan at interaktibong estratehiya sa pagtuturo. Kaya naman, patuloy na naghahanap ang mga guro ng mga estratehiyang makapagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral tulad ng paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo.

Sa bansang Pilipinas, ipinakita sa naging pananaliksik ni Soriano (2024) sa Dagupan na mahalaga ang paggamit ng mga pamamaraang nagbibigay ng makabuluhan at nakaengganyong karanasan upang mapadali na maunawan ang talakayan sa loob ng klase. Gayunpaman, nananatiling hamon sa kaguruan ang pagiging malikhain sa kanilang pagtuturo, lalo na't nangangailangan ito ng matinding pagsasanay at mataas na kaalaman upang mahikayat ang aktibong paglahok ng buong klase sa mga mag-aaral. Dahil dito, mahalagang maging pamilyar at bihasa ang kaguruan sa mga teknik, pedagohiya at estratehiya upang matiyak ang malikhain at mabisa ang proseso ng pagkatuto.

Samantala, ayon kina Garde at Mangindra (2025) sa Bamban, Isulan, Sultan Kudarat, nalaman mula sa mag-aaral ang kanilang kahinaan lalo sa pagsusulat ng pananaliksik. Upang matugunan ito, isinama rin nila ang paggamit ng gamipikasyon sa kanilang pagtuturo. Kanilang natuklasan na nakatutulong ang paggamit ng elementong laro ay napatataas ang motibasyon at napadadali ang pagkakaunawa ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat, bilang tugon sa kanilang naranasang suliranin.

Sa kagawaran ng Edukasyon ng pampublikong paaralan sa Pilipinas, partikular sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Davao City, unti-unti nang lumilitaw ang mga hamon sa pagpapanatili ng interes at aktibong paglahok sa silid-aralan. Ang paggamit ng makabagong estratehiya tulad ng gamipikasyon, nananatili ang ilang suliranin gaya ng kakulangan sa pagsasanay, kagamitan, at hindi ganap na pagpapatupad nito. Dahil dito, nakatuon sa pagsusuri ng pananaw ng mga guro at saysay ng gamipikasyon, kabilang ang kanilang mga karanasan, hamon, at estratehiya sa paggamit nito.

PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Nilayon ng pananaliksik na maunawaan ang mga saysay ng gamipikasyon batay sa karanasan ng mga guro at hamon sa pagtuturo. Sa katiyakan, tinutukan nitong mabigyan ng solusyon ang tanong ukol sa karanasan at hamon sa paggamit ng mga estratehiyang laro ng mga guro upang mapahusay ang proseso ng pagkatuto sa kanilang klase. Inaasahang matutugunan ang lahat ng layunin sa pamamagitan ng mga sumusunod na katanungan:

- 1) Ano-anong karanasan ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon upang makaangkop sa pagtuturo?



2) Ano-anong mga hamon sa pagtuturo ang naranasan sa paggamit ng gamipikasyon?

3) Ano-anong mga kuro-kuro na mabubuo mula sa karanasan at hamon sa pagtuturo?

MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Sa makabagong panahon ng edukasyon, kinikilala ang gamipikasyon bilang isang paraan upang gawing mas interaktibo at kaaya-aya ang pagkatuto. Sa bahaging ito, nilalahad ang mga naging kaugnay na literatura at pag-aaral na sumusuporta sa layunin ng pag-aaral na maunawaan ang mga saysay ng gamipikasyon sa pagtuturo ng Filipino. Bibigyang-pansin ang mga mahahalagang konsepto, teorya, at mga naunang pananaliksik sa paggamit ng gamipikasyon at sa aplikasyon nito sa edukasyon. Nilayon sa bahaging ito ang pagbibigay ng tiyak at malalim na pagkakaunawa sa paksa sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa umiiral na literatura, gayundin mahalaga ang pagbibigay ng ideya na makapagpapayaman sa pag-unawa sa epekto ng gamipikasyon sa pagtuturo ng Filipino.

KAUGNAY NA LITERATURA

Ayon kina Huang et al. (2022), ginagamit ang gamipikasyon bilang isang estratehiyang panturo na humihikayat sa mas masiglang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng mga katangiang karaniwang makikita sa mga laro sa proseso ng pagkatuto. Ipinunto naman nina Zainuddin et al. (2023) na nagiging mabisa ang paggamit nito kapag isinasaalang-alang ng guro ang kalagayan ng klase, antas ng kahandaan sa teknolohiya, at ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, binanggit nina Oliveira at Rodrigues (2024) ang mga guro ay patuloy na nahaharap sa proseso ng pag-aangkop sa gamipikasyon kung saan kinakailangan ang malikhaing pagpapalano at pag-aangkop upang mapanatili ang bisa nito sa pagtuturo.

Motibasyon. Ayon kina Sailer at Homner (2022), napapalakas ng gamipikasyon ang pagganyak sa pagkatuto sa pamamagitan ng puntos, gantimpala, at agarang feedback. Nagiging mas makahulugan ang pag-aaral kapag nararamdaman ng mag-aaral ang pag-unlad at kasiyahan sa gawain. Dagdag pa nila, mas tumitibay ang interes kung may personal na koneksyon sa karanasan sa pagkatuto, kaya napapanatili ang aktibong partisipasyon sa mahabang panahon.

Motibasyon: Aktibong Paglahok. Ayon kina Zainuddin et al. (2023), pinapataas ng gamipikasyon ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase dahil sa mga insentibo tulad ng puntos at gantimpala na nagpapasigla ng interes sa pagkatuto. Dahil dito, mas nagiging aktibo ang mga mag-aaral sa talakayan at gawain. Dagdag pa nina Ibáñez et al. (2023), napapalakas din nito ang kolaborasyon at interaksyon sa klase, kaya mas nagiging makabuluhan at interaktibo ang pagkatuto.

Motibasyon: Pagtaas ng Interes. Ayon kina Valderama et al. (2022), napapataas ng gamipikasyon ang pagdalo at pakikilahok ng mga mag-aaral dahil sa kompetisyon at gantimpala na nagpapasigla ng klase. Sinang-ayunan ito nina Gómez-Carrasco et al. (2024), na nagsabing napapahusay nito ang ugnayan at pakikilahok sa talakayan dahil nababawasan ang kaba. Dagdag pa nina Bicen at Kocakoyun (2022) at Landers et al. (2022), nakadaragdag ito ng interes, kumpiyansa,

at sigla sa pagkatuto sa tulong ng biswal na feedback at insentibo.

Motibasyon: Kasiyahan sa Pagkatuto. Ayon kina Valderama et al. (2022), ang gamipikasyon sa silid-aralan ay nakapagpapataas ng pagdalo at pakikilahok ng mga mag-aaral dahil sa kompetisyon at gantimpala na nagdudulot ng mas masiglang kapaligiran. Sinang-ayunan ito nina Gómez-Carrasco et al. (2024), na nagsabing pinapalakas nito ang ugnayan ng guro at mag-aaral at hinihikayat ang mas bukas na talakayan at pakikilahok dahil nababawasan ang kaba ng mga mag-aaral. Dagdag pa nina Bicen at Kocakoyun (2022) at Landers et al. (2022), ang gamipikasyon ay nagpapataas ng interes, sigla, at kumpiyansa sa pagkatuto sa pamamagitan ng biswal na gawain, agarang fdbak, at mga insentibo.

Makabagong Estratehiya. Pinatunayan nina Mekler et al. (2022), ang paggamit ng mga mekanismong gaya ng pag-iipon ng puntos at pagbibigay ng gantimpala sa gamipikasyon ay nagsisilbing paraan ng pagpapatibay ng mga kanais-nais na gawi sa pagkatuto na nag-uudyok sa mas mataas na antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Ipinaliwanag nila na ang sistemang ito ay nagbibigay ng agarang tugon tungkol sa pagganap ng mag-aaral, na nagiging batayan upang makita ang kanilang pag-unlad sa bawat isinagawang gawain. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng mas malinaw na direksyon ang mag-aaral sa kanyang pagkatuto at mas napapalakas ang kaniyang motibasyon na ipagpatuloy at paghusayin pa ang pakikilahok sa mga gawaing pangklasrum.

Makabagong Estratehiya: Puntos at Gantimpala. Ayon kina Hamari et al. (2023), ang puntos at gantimpala sa gamipikasyon ay nagpapataas ng pakikilahok dahil nagbibigay ito ng agarang feedback at malinaw na indikasyon ng progreso. Sinang-ayunan ito ni Kapp (2022), na nagsabing pinapalakas nito ang interaktibidad at kabuluhan ng pagkatuto dahil nakikita ng mga mag-aaral ang ugnayan ng kanilang pagsisikap at resulta, kaya napapanatili ang kanilang motibasyon at aktibong partisipasyon.

Makabagong Estratehiya: Talaan ng Nangunguna. Binigyang-diin nina Toda et al. (2022), ang talaan ng nangungung mekanismo ng paghahambing sa kapwa ay isang gamipikasyon na nakatutulong upang mapataas ang pakikilahok sa kompetisyon. Sa sistema ng pagrarranggo, nagbibigay lantad sa perormans, na nagiging tagapag-udyok upang mapabuti ang kanilang awtput.

Makabagong Estratehiya: Interaktibong Gawain. Ayon kina Xu et al. (2023), ang interaktibong gamipikadong gawain ay nagpapataas ng aktibong pagkatuto at mas malalim na pag-unawa kumpara sa pasibong pakikinig. Sinang-ayunan ito ni Prince (2022), na nagsabing mas epektibo ang mga aktibong estratehiya tulad ng talakayan at gawaing pangkat kaysa tradisyunal na lektura dahil pinapahusay nito ang pag-unawa at pag-alala ng impormasyon. Sa kabuuan, nagreresulta ito sa mas mataas na partisipasyon at mas mabisang pagkatuto.

Pagkamalikhain ng Guro. Ayon kina Beard at Wilson (2023), ang pagkatuto batay sa karanasan ay nagpapalawak ng mapanuring pag-iisip ng mga guro at nagpapataas ng kanilang kakayahang umangkop, tiwala sa sarili, at paggamit ng malikhaing pamamaraan sa pagtuturo. Sinang-ayunan ito nina Brookfield at Preskill (2022), na nagsabing ang karanasan sa pagtuturo ay pundasyon ng pagkamalikhain at pag-innovate ng



mga estratehiya upang mapanatili ang interes at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Pagkamalikhain ng Guro: Pagkatuto sa Karanasan. Ipinakita nina Lammert et al. (2022) na ang mga gurong natututo mula sa aktuwal na karanasan ay nagiging mas marunong umangkop at maparaan sa pagtuturo. Dahil dito, mas napapadali nilang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

Pagkamalikhain ng Guro: Pagbabago ng Estratehiya. Ayon kay Fullan (2022), ang pagbabago ng estratehiya sa pagtuturo ay mahalaga dahil patuloy na nagbabago ang edukasyon at pangangailangan ng mga mag-aaral, kaya kinakailangang maging bukas ang mga guro sa pag-angkop ng makabagong pamamaraan upang manatiling epektibo ang pagtuturo. Sinang-ayunan ito nina Darling-Hammond et al. (2023) at Tomlinson at Moon (2022), na binigyang-diin na ang mga flexible na estratehiya ay nakatutulong upang maiyon ang pagtuturo sa kakayahan, interes, at istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas inklusibo at mas makabuluhang pagkatuto. Dagdag pa nina Lee et al. (2024), ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ay nakatutulong upang mapanatili ang interes, motibasyon, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, habang ang paulit-ulit na paraan ng pagtuturo ay maaaring magdulot ng pagkabagot at pagbaba ng kanilang pagkatuto.

Pagkamalikhain ng Guro: Pag-aangkop ng Karanasan. Ayon kay Tomlinson (2023), ang pag-aangkop ng pagtuturo ay mahalaga upang matugunan ang iba't ibang kakayahan, interes, at pangangailangan ng mga mag-aaral, kaya nagiging mas patas at epektibo ang pagkatuto. Sinang-ayunan ito nina Daniels at Hedegaard (2022), na nagsabing nakabubuo ito ng suportadong kapaligiran sa pagkatuto kung saan mas aktibo at nakikilahok ang mga mag-aaral. Sa kabuuan, nagiging mas makahulugan at mataas ang antas ng partisipasyon kapag ang pagtuturo ay nakaayon sa sitwasyon ng klase.

Integrasyon ng Teknolohiya. Ayon kina Mishra at Koehler (2023), epektibo ang teknolohiya sa edukasyon kapag maayos ang integrasyon nito sa pagtuturo, nilalaman, at estratehiya. Sinang-ayunan ito nina Ertmer at Ottenbreit-Leftwich (2022) at Koehler et al. (2024), na nagsabing mahalaga ang kasanayan ng guro sa teknolohiya upang mapataas ang interaksyon at partisipasyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ayon kina Celeste at Osias (2024), nahahadlangan ang implementasyon nito ng limitadong akses at kakulangan sa kagamitan, kaya kailangan ng sapat na suporta ayon kina Llamera at Ubayubay (2024).

Integrasyon ng Teknolohiya: Paggamit ng Gadgets. Ayon kina Koehler at Mishra (2023), ang paggamit ng mga kagamitang digital sa pagtuturo ay mahalaga sa makabagong edukasyon dahil pinagsasama nito ang teknolohiya, estratehiya sa pagtuturo, at nilalaman ng aralin upang maging mas interaktibo at angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral ang pagkatuto. Sinang-ayunan ito ni Selwyn (2022), na nagsabing ang digital tools ay nagpapalawak ng akses sa impormasyon at nagtataguyod ng mas nakasentro sa mag-aaral na pagkatuto na nagpapalakas ng kasarinlan at kritikal na pag-iisip. Dagdag pa nina Al-Azawei et al. (2023), ang paggamit ng mobile devices ay nakapagpapataas ng aktibong partisipasyon at kalayaan ng mga mag-aaral dahil sa mabilis na akses sa impormasyon at interaktibong gawain sa klase.

Integrasyon ng Teknolohiya: Online Quizzes. Batay sa literatura nina Deterding et al. (2022), ang mga online quiz ay isang uri ng gamipikadong pagtataya na naglalayong magbigay ng mabilis at tuloy-tuloy na feedback na mahalaga sa pagpapatibay ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng agarang resulta, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong matukoy kaagad ang kanilang mga natutuhan at ang mga aspetong kailangan pang paunlarin sa isang partikular na aralin. Dahil dito, mas nagiging epektibo ang proseso ng pagkatuto sapagkat naitatama ang mga maling konsepto habang sariwa pa ang kaalaman sa isip ng mag-aaral. Bukod dito, nakatutulong din ang ganitong uri ng mekanismo upang mapanatili ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral dahil nararanasan nila ang unti-unting pag-unlad at pakiramdam ng tagumpay sa bawat pagsagot sa mga gawain.

Integrasyon ng Teknolohiya: Pagkatutong Digital. Ayon sa UNESCO (2023), ang digital learning ay gumagamit ng teknolohiya upang mapalawak ang akses sa edukasyon at gawing mas inklusibo at flexible ang pagkatuto. Kaugnay nito, binigyang-kahulugan nina Deterding et al. (2022) ang gamipikasyon bilang paggamit ng elemento ng laro tulad ng puntos, gantimpala, at feedback upang pataasin ang motibasyon at partisipasyon ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, nagiging mas interaktibo at epektibo ang pagkatuto sa pamamagitan ng digital at gamipikadong mga estratehiya.

Aktibong Pakikilahok. Ipinahayag ni Gee (2022) ang *game-based learning* ay nakatutulong sa pagpapalakas ng motibasyon ng mga mag-aaral dahil hinihikayat sila nitong makibahagi nang aktibo sa mga gawaing may kasamang hamon at pakikipagtulungan. Ipinapakita nito na mas nagiging epektibo ang pagkatuto kapag ang mga mag-aaral ay nalalagay sa mga sitwasyong nangangailangan ng maingat na pagdedesisyon, masusing pag-iisip, at kooperasyon sa kapwa. Sa ganitong paraan, mas nagiging angkop ang proseso ng pagkatuto at mas napapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa aralin sa mas mahabang panahon.

Aktibong Pakikilahok: Pagpapanatili ng Interes. Ayon kina Almeida at Silva (2024), ang *game-based learning* ay nakatutulong sa pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga gawaing may hamon, kolaborasyon, at problem-solving na humihikayat ng tuloy-tuloy na partisipasyon. Binibigyang-diin nila na mahalaga ang pagsasama ng hamon at sistemang gantimpala upang mapanatili ang motibasyon at maiwasan ang mabilis na pagkawala ng interes sa proseso ng pagkatuto.

Aktibong Pakikilahok: Pagtaas ng Motibasyon. Ipinakita nina Miller at Thompson (2023) ang gamipikasyong kapaligiran sa pagkatuto ay nakapagpapalakas ng motibasyon ng mga mag-aaral dahil sa pagsasama ng kompetisyon, kolaborasyon, at mga interaktibong gawain na humihikayat ng aktibong partisipasyon. Sa parehong pananaw, binigyang-diin nina Nguyen at Tran (2023) ang gamipikasyon sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglikha ng mas dinamiko at nakakaengganyong kapaligiran na nakababawas ng pagkabagot sa klase. Dagdag pa rito, ipinunto nina Martinez at Rivera (2024) ang mga sistemang may gantimpala at interaktibong mekanismo ay epektibong nakapagpapataas ng motibasyon dahil sa agarang tugon sa gawain at malinaw na pagpapakita ng



pag-unlad ng mag-aaral, na mahalaga sa tuloy-tuloy na pagkatuto.

Aktibong Pakikilahok: Kalayaan sa Klase. Ayon kina Patall et al. (2024), ang pagbibigay ng suporta sa awtonomiya ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan ay nakatutulong upang mapataas ang kanilang partisipasyon sa mga gawaing akademiko. Sa ganitong kalagayan, nahihikayat ang mga mag-aaral na malayang magpahayag ng ideya, gumawa ng mga desisyon, at makipag-ugnayan sa kanilang kapwa sa proseso ng pagkatuto. Dahil dito, nagiging mas aktibo at mas matiyaga sila sa pagsasagawa ng mga gawain, at hindi agad nawawalan ng interes sa pag-aaral. Bukod pa rito, naiaambag din ng ganitong kapaligiran ang pagpapaunlad ng kanilang kritikal na pag-iisip at kasanayan sa sariling pagkatuto.

Integrasyon sa Aralin. Ayon kina Harris et al. (2024), ang mabisang pagsasama ng mga estratehiya sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng partisipasyon ng mga mag-aaral dahil nagiging mas makabuluhan at may kaugnayan ang mga gawain sa kanilang aktwal na karanasan. Sa ganitong paraan, mas nakikita ng mga mag-aaral ang halaga ng kanilang natututuhan kapag ito ay naiuugnay sa mga sitwasyon sa tunay na buhay. Dahil dito, mas nagiging matagumpay ang proseso ng pagkatuto lalo na kung ang guro ay nakapag-uugnay ng mga aralin sa pang-araw-araw na konteksto ng mga mag-aaral.

Integrasyon sa Aralin: Kaugnayan sa Layunin. Ayon kina Wiggins at McTighe (2024), mahalaga ang malinaw na pag-uugnay ng mga gawain sa layunin ng aralin upang matiyak na ang estratehiya, pagtataya, at aktibidad ay nakaayon sa inaasahang bunga ng pagkatuto, na nagreresulta sa mas makahulugang pagkatuto sa ilalim ng *Understanding by Design*. Sinang-ayunan ito nina Zainuddin at Chu (2024), na nagsabing mas nagiging epektibo ang gamipikasyon kapag malinaw itong nakaangkla sa mga layuning pang-edukasyon at hindi lamang nakatuon sa aliw, dahil nagdudulot ito ng mas aktibong partisipasyon at mas mataas na pagganap ng mga mag-aaral.

Integrasyon sa Aralin: Wastong Paggamit ng Laro. Ayon kina Huang at Soman (2022), nagiging mabisang lamang ang gamipikasyon kung ito ay malinaw na nakaangkla sa mga layunin ng pagtuturo, kung saan ang mga elementong tulad ng puntos, pagkilala, at gantimpala ay direktang kaugnay ng inaasahang bunga ng pagkatuto, dahil kung hindi maayos ang integrasyon ay maaaring mapunta ang pokus ng mga mag-aaral sa laro kaysa sa pagkatuto. Sinang-ayunan ito nina Dichev at Dicheva (2023), na nagsabing ang hindi maingat na pagsasama ng gamipikasyon ay maaaring magdulot ng kalituhan at cognitive overload, na nagiging sanhi upang mas maituon ng mga mag-aaral ang atensyon sa kompetisyon at gantimpala kaysa sa mas malalim na pag-unawa sa aralin.

Integrasyon sa Aralin: Plano sa Pagtuturo. Ayon kina Biggs at Tang (2022), mahalaga ang maayos na pagpaplanong pampagtuturo upang matiyak ang pagkakatatugma ng mga layunin, gawain, at pagtataya sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng malinaw na disenyo ng aralin, nagiging mas sistematiko, maayos, at may direksiyon ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

Kasanayan at Kahandaan. Ayon kina Ertmer at Ottenbreit-Leftwich (2022), ang kakulangan sa kumpiyansa at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya ay maaaring maging hadlang sa epektibong pagpapatupad ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo, kahit pa maayos ang

disenyo nito, dahil nagdudulot ito ng limitadong implementasyon at hindi organisadong proseso ng pagtuturo. Sinang-ayunan ito nina Trust at Whalen (2023), na binigyang-diin na ang sapat na pagsasanay, gabay, at suportang teknikal mula sa institusyon ay mahalaga upang mapataas ang kumpiyansa ng mga guro at mapalakas ang kanilang kakayahang gumamit ng mga inobatibong pamamaraan sa pagtuturo.

Kasanayan at Kahandaan: Kasanayan ng Guro. Ayon kina Darling-Hammond at Hyler (2024), mahalaga ang patuloy na pagsasanay at propesyonal na pag-unlad ng mga guro upang mapahusay ang paggamit ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral at interaktibong pamamaraan sa pagtuturo, na nagreresulta sa mas malikhain at angkop na pagdidisenyo ng mga gawaing pampagkatuto. Sinang-ayunan ito nina Trust at Whalen (2023), na nagsabing ang sapat na pagsasanay at suporta ay nagpapataas ng kumpiyansa at kahusayan ng mga guro sa paggamit ng makabagong estratehiya at teknolohiya, na nagiging daan sa mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kasanayan at Kahandaan: Kasanayang Teknikal. Ayon kina Pettersson at Olofsson (2023), ang kakulangan sa teknikal na kasanayan ay naglilimita sa epektibong paggamit ng mga makabagong estratehiya dahil nahihirapan ang guro sa pamamahala ng mga digital na gawain. Dagdag pa nina Lucas at Moreira (2024), mas nagiging matagumpay ang paggamit ng gamipikasyon kapag ang guro ay may sapat na *digital literacy* na nagbibigay-daan sa maayos na pagsasanib ng teknolohiya, nilalaman, at estratehiya sa pagtuturo.

Kasanayan at Kahandaan: Suportang Propesyunal. Binigyang-diin nina Darling-Hammond et al. (2023) na ang kalidad ng propesyonal na pag-unlad ay mahalaga sa pagpapalawak ng pedagogikal at teknolohikal na kakayahan ng mga guro, lalo na kung nakatuon ito sa aktuwal na aplikasyon ng kaalaman. Sinang-ayunan ito nina Avalos at Flores (2024) at Philipson et al. (2023), na nagsabing ang suporta mula sa administrasyon, kapwa guro, at mga propesyonal na programa ay nakatutulong sa pagpapataas ng kumpiyansa at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng makabagong estratehiya at teknolohiya. Dagdag pa nina Kraft at Papay (2024), ang tuloy-tuloy na suporta at propesyonal na pag-unlad ay nagpapalakas ng kakayahan sa pamamahala ng klase at paggamit ng inobatibong pamamaraan, na nagreresulta sa mas mataas na kalidad ng pagtuturo at mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Teknolohikal na Limitasyon. Ayon kay Selwyn (2023), ang mga suliranin sa teknolohiya sa edukasyon ay hindi lamang dulot ng kakulangan sa kagamitang digital kundi pati na rin sa kakulangan ng kaalaman, kasanayan, at suportang institusyonal, kaya kahit may akses sa internet ay maaari pa ring maging hindi epektibo ang paggamit nito kung kulang ang kahandaan ng mga guro at mag-aaral. Sinang-ayunan ito nina Hodges et al. (2024), na nagsabing ang mga teknikal na problema gaya ng mahinang koneksyon, error sa software, at hindi tugmang kagamitan ay nagdudulot ng pagkaantala ng gawain, distraksiyon, at pagbaba ng partisipasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa ni Van Dijk (2023), ang digital divide ay nagreresulta sa hindi pantay na oportunidad sa pagkatuto dahil sa pagkakaiba sa akses at kasanayan sa teknolohiya, na nagdudulot ng agwat sa akademikong pagganap at karanasan sa pagkatuto.



Teknolohikal na Limitasyon: Ayon kay Van Dijk (2023), ang akses sa internet ay hindi lamang nakabatay sa pagkakaroon ng koneksyon kundi pati sa kalidad nito tulad ng bilis at katatagan, dahil ang mabagal o hindi maaasahang internet ay maaaring makasagabal sa tuloy-tuloy na pagkatuto. Sinang-ayunan ito ni Selwyn (2022), na nagsabing ang hindi pantay na akses sa internet ay nakaaapekto sa pagpapatupad ng mga makabagong estratehiya tulad ng gamipikasyon at online collaboration na nangangailangan ng tuloy-tuloy na koneksyon, kaya nagreresulta ito sa limitadong partisipasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa nina Haleem et al. (2023), ang maayos at matatag na internet ay nakapagpapataas ng aktibong partisipasyon at akademikong pagganap dahil nagbibigay ito ng mabilis na akses sa mga learning materials at interaktibong plataporma.

Teknolohikal na Limitasyon: Kagamitan. Ayon kina Clark at Mayer (2023), mahalaga ang angkop na pagpili at maayos na disenyo ng mga kagamitang digital upang maging malinaw, organisado, at epektibo ang proseso ng pagkatuto at maiwasan ang kalituhan ng mga mag-aaral. Sinang-ayunan ito nina Reiser at Dempsey (2024), na nagsabing ang mga kagamitang pampagtuturo ay mahalagang bahagi ng disenyong pampagtuturo sapagkat nagsisilbi itong tulay sa pagitan ng guro, nilalaman ng aralin, at mga mag-aaral, na nagiging dahilan upang maging mas sistematiko at madaling sundan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Teknolohikal na Limitasyon: Kaalaman sa Paggamit. Ayon kina Lankshear at Knobel (2023), mahalaga ang kaalaman sa paggamit ng teknolohiya hindi lamang sa aspetong teknikal kundi pati sa kakayahang suriin at gamitin ito nang wasto sa akademikong konteksto. Sinang-ayunan ito ni Buckingham (2024), na nagsabing ang digital na literasi ay mahalaga upang maging makabuluhan at epektibo ang paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto at maiwasan ang distraksyon at maling paggamit ng impormasyon. Dagdag pa rito, ipinahayag nina Hatlevik at Christophersen (2023) at Spante et al. (2024) na ang sapat na kasanayang digital ay nakatutulong sa mas mataas na antas ng pakikilahok, mas mahusay na pagganap, at mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Pagkatuto at Pag-unlad. Ayon kina Trust at Whalen (2023), ang patuloy na pagsasanay at pagpapalawak ng kaalaman ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya ay nakatutulong upang maging mas epektibo sila sa pagsasama ng mga digital na kapaligiran sa pagtuturo at sa pagbuo ng mas malikhaing at angkop na mga estratehiya para sa mga mag-aaral. Sinang-ayunan ito nina Philipsen et al. (2024), na binigyang-diin na ang suporta mula sa institusyon at administrasyon, sa pamamagitan ng pagsasanay, paggabay, at teknikal na tulong, ay mahalaga upang mapataas ang kumpiyansa at kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya at upang mapadali ang epektibong paggamit nito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Pagkatuto at Pag-unlad: Sariling Pagkatuto. Ayon kay Knowles (2022), ang sariling pagkatuto ay proseso kung saan ang indibidwal ang may responsibilidad sa pagpapalawak, pagpapatupad, at pagtataya ng sariling pagkatuto, na mahalaga sa paglinang ng lifelong learning skills lalo na sa digital na panahon. Sinang-ayunan ito ni Candy (2023), na nagsabing ang self-directed learning ay nagpapaunlad ng disiplina, inisiyatiba, at kakayahan sa paggawa ng desisyon, na naghahanda sa mga

mag-aaral sa makabagong hamon ng edukasyon. Dagdag pa ni Garrison (2024), nangangailangan ito ng motibasyon, metakognitibong kasanayan, at wastong pagpili ng learning resources upang maging mas organisado at makabuluhan ang pagkatuto.

Pagkatuto at Pag-unlad: Limitasyon sa Internet. Ayon kay Van Dijk (2023), ang limitasyon sa internet ay pangunahing salik ng digital divide na nagdudulot ng hindi pantay na oportunidad sa edukasyon, dahil mahalaga hindi lamang ang koneksyon kundi pati ang kalidad nito tulad ng bilis at katatagan. Sinang-ayunan ito ni Selwyn (2022), na nagsabing ang mahinang internet ay nakaaapekto sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga online na gawain dahil nahihirapan silang makasabay sa talakayan at aktibidad. Dagdag pa nina Warschauer at Matuchniak (2022), ang ganitong limitasyon ay humahadlang sa pag-unlad ng digital literacy at akademikong pagganap, na nagreresulta sa agwat sa pagkatuto dahil sa limitadong paggamit ng online learning resources.

Pagkatuto at Pag-unlad: Personal na Pagsisikap. Ayon kay Bandura (2022), ang personal na pagsisikap ay may kaugnayan sa paniniwala ng isang indibidwal sa kaniyang kakayahang magtagumpay, kung saan ang mataas na tiwala sa sarili ay nagreresulta sa mas malaking pagsisikap, katatagan, at kakayahang magpatuloy sa kabila ng mga hamon. Sinang-ayunan ito ni Dweck (2023), na nagsabing ang *growth mindset* ay mahalaga sa pagpapaunlad ng pagsisikap dahil pinalalakas nito ang paniniwala na ang kakayahan ay maaaring paunlarin sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at pagharap sa mga hamon, kaya nagiging mas bukas ang mga mag-aaral sa bagong karanasan at mas matibay ang kanilang determinasyon sa pagkatuto.

Pakikipagtulungan sa Kapwa Guro. Ayon kina Vangrieken et al. (2022), ang kolaborasyon ng mga guro ay pagbahagi ng kaalaman at estratehiya upang mapahusay ang pagtuturo at kalidad ng edukasyon. Sinang-ayunan ito nina Hargreaves at O'Connor (2023), na nagsabing nakatutulong ito sa pagbuo ng suportado at inklusibong kapaligiran sa pagkatuto. Dagdag pa nina Goddard et al. (2024), may positibong epekto ito sa tagumpay ng mga mag-aaral dahil sa mas mahusay na pagtuturo at implementasyon ng aralin.

Pakikipagtulungan sa Kapwa Guro: Paggabay ng Kapwa Guro. Ayon kina Tiainen at Lutovac (2022), ang paggabay ng kapwa guro ay nagpapalalim ng mapagnilay-nilay na praktis sa pamamagitan ng pagbabahagi ng karanasan at kolektibong pagninilay upang mapabuti ang estratehiya sa pagtuturo. Sinang-ayunan ito nina Santos-Rico et al. (2024), na nagsabing pinalalakas nito ang kolaborasyon at kahandaan sa mga hamon sa edukasyon. Dagdag pa nina Morcom at MacCallum (2022), nakatutulong ito sa pagpapaunlad ng kasanayang pedagohikal at mas epektibong pagtuturo sa pamamagitan ng suporta at pagkatuto ng bagong estratehiya.

Pakikipagtulungan sa Kapwa Guro: Pagbabahagi ng Kaalaman. Ayon kina Nonaka at Takeuchi (2022), ang pagbabahagi ng kaalaman ay nagpapalawak ng kaalaman at nagpapahusay ng estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng interaksyon at kolaborasyon. Sinang-ayunan ito nina Fullan at Quinn (2023), na nagsabing pinapalakas nito ang propesyonal na pagkatuto at kakayahan ng mga guro na umangkop sa mga hamon. Dagdag pa nina Hargreaves at Fullan (2024),



nakatutulong ito sa pagbuo ng tiwala, suporta, at kolaboratibong kultura na nagpapataas ng kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Pakikipagtulungan sa Kapwa Guro: Kolaboratibong Pagkatuto. Ayon kina Johnson at Johnson (2022), ang kolaboratibong pagkatuto ay proseso ng pagtutulongan ng mga mag-aaral upang makamit ang iisang layunin, kung saan mahalaga ang kontribusyon ng bawat isa. Sinang-ayunan ito nina Laal at Ghodsi (2023), na nagsabing napaunlad nito ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at paglutas ng problema sa pamamagitan ng interaksyon. Dagdag pa ni Dillenbourg (2024), nagiging epektibo ito kapag may malinaw na layunin, aktibong partisipasyon, at gabay ng guro.

KABANATA II: PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Sa kabanatang ito, inilalahad ang mga pamamaraang ginamit sa pagsasagawa ng pag-aaral. Nakalahad dito ang disenyo ng pananaliksik, mga kalahok ng pag-aaral, instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos, ang proseso ng pagkuha ng impormasyon, at ang paraan ng pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos. Layunin nitong magbigay ng malinaw at sistematikong paglalarawan kung paano isinagawa ang pananaliksik upang matiyak ang pagiging maayos, tumpak, at kapani-paniwala ng mga resulta.

Disenyong Ginamit

Gumamit ang pag-aaral na ito ng penomenolohikal na disenyo upang masuri at maunawaan ang mga karanasan, hamon, at kahulugan na iniuugnay ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, na angkop sa paglalarawan ng aktuwal na perspektiba ng mga kalahok. Ayon kina Creswell at Poth (2024), layunin ng ganitong disenyo na mailahad ang esensya ng karanasan ng mga indibidwal batay sa kanilang sariling pagpapakahulugan, habang binigyang-diin ni Malhotra (2020) na ang disenyo ng pananaliksik ay nagsisilbing gabay sa maayos na pangangalap at pagsusuri ng datos. Gumamit ang mananaliksik ng In-Depth Interview (IDI) at sinuri ang datos gamit ang tematikong pagsusuri at ang pitong hakbang ng Colaizzi upang matukoy ang mahahalagang tema, na ayon kay Peel (2020) ay mabisang paraan sa pag-aanalisa ng kwalitatibong datos, at sinusupportahan ito ng Dovetail Editorial Team (2023) na nagsasabing nakatutulong ang penomenolohikal na disenyo sa paglinaw ng personal na pananaw at mas makahulugang interpretasyon ng karanasan.

Mga Kalahok sa Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong maunawaan ang mga hamon at karanasan ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, kung saan ang mga kalahok ay mga gurong nagtuturo sa mga pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Digos City na may tuwirang karanasan sa nasabing estratehiya, upang makakalap ng mayaman at makabuluhang datos para sa mas malalim na pag-unawa sa paksa. Sa pagpili ng mga kalahok, isinasaalang-alang ang prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at patas na oportunidad, kung saan binigyan ang bawat isa ng pantay na pagkakataon na maipahayag ang kanilang pananaw at karanasan nang walang diskriminasyon, at tiniyak na ang kanilang paglahok ay boluntaryo at may sapat na kaalaman

tungkol sa layunin at proseso ng pag-aaral bago sila sumang-ayon.

Sampling na Disenyo

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang purposive sampling upang matukoy at mapili ang mga kalahok na may sapat na kaalaman at aktuwal na karanasan sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, na angkop sa layunin ng kwalitatibong pananaliksik na makalap ang mas malalim na pag-unawa sa penomenon. Ang mga kalahok ay piling guro mula sa mga pampublikong paaralan na may direktang karanasan sa nasabing estratehiya, na pinili batay sa kanilang kakayahang makapagbigay ng mayaman at detalyadong impormasyon hinggil sa kanilang karanasan, hamon, at pananaw. Bagama't may limitasyon ito sa pagiging pangkalahatan ng resulta, nananatili itong angkop dahil nakatuon ang pag-aaral sa malalim na pagtalakay ng karanasan, na isinagawa sa pamamagitan ng gabay ng layunin ng pananaliksik, kaugnay na literatura, at teoretikal na balangkas, kasama ang posibleng paggamit ng imbitasyon at rekomendasyon mula sa mga paaralan upang matukoy ang kwalipikadong kalahok.

Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit ng mananaliksik ang self-guided questionnaire bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos upang makuha ang mga karanasan at hamon ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo, kasama ang mga gabay na tanong para sa isasagawang In-depth Interview upang mas mapalalim ang pag-unawa sa kanilang mga ideya at opinyon. Isinagawa rin ang tuwirang pakikipag-ugnayan sa mga kalahok gamit ang semi-structured na talatanungan upang magkaroon ng malinaw na gabay sa panayam habang nananatiling bukas sa mas malalim na pagpapahayag ng karanasan ng mga guro. Upang matiyak ang kalidad ng datos, isinailalim muna sa pagsusuri ng mga eksperto ang talatanungan bago ito gamitin upang matiyak ang kaangkupan, kalinawan, at kaayusan ng mga tanong.

Mga Paglilikom ng mga Datos

Ayon kay Creswell (2024), mahalaga sa pananaliksik ang maingat na pagpili ng kalahok at lugar, pagkuha ng pahintulot, at maayos na ugnayan upang makalikom ng dekalidad na datos, kasama ang angkop na pamamaraan tulad ng panayam, sistematikong protokol, at maingat na pagprotekta sa nakalap na impormasyon laban sa posibleng suliranin gaya ng limitadong akses at hindi inaasahang pagliban. Kaugnay nito, isinagawa sa pag-aaral ang In-Depth Interview (IDI) gamit ang gabay na protokol upang sistematikong makuha ang karanasan at hamon ng mga gurong gumagamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng Filipino, kasabay ng maayos na koordinasyon sa iskedyul ng mga kalahok at pagtiyak na ang lahat ng datos ay maingat na itinago upang mapanatili ang pagiging kumpidensyal at seguridad ng impormasyon.

Pagsusuri sa Datos

Ang pagsusuri ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng sistematikong pag-oorganisa, pagtranskriba, at paulit-ulit na pagbasa ng mga sagot ng kalahok upang matiyak ang wastong interpretasyon. Ginamit ang tematikong



pagsusuri (Peel, 2020) kung saan mula sa mga transkripsyon ay kinilala ang mga paunang kowd, na inisa-isa at inihanay upang makabuo ng mga kategorya at pangunahing tema na sumasalamin sa karanasan at hamon ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng Filipino. Sa prosesong ito, naipaliwanag ang mga pattern ng karanasan at mas malalim na kahulugan ng penomenon na sinusuri.

Mga Etikal na Pagsaalang-alang

Ang etikal na pagsasaalang-alang sa pag-aaral ay mahigpit na isinakatuparan upang matiyak ang proteksyon, dignidad, at karapatan ng mga guro sa buong proseso ng pananaliksik, alinsunod kay Creswell (2013) na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pahintulot, pribasiya, hustisiya, transparensiya, at kaligtasan sa kwalitatibong pag-aaral. Tiniyak na ang partisipasyon ay boluntaryo at may sapat na kaalaman tungkol sa layunin, benepisyo, at posibleng panganib ng pananaliksik, at maaaring umatras anumang oras nang walang negatibong epekto. Iningatan din ang kaligtasan at kaghinawaan ng mga kalahok sa pagsasagawa ng panayam, siniguro ang pantay na pagtrato, at maingat na pinrotektahan ang lahat ng nakalap na datos gamit ang angkop na paraan ng pag-iimbak, upang mapanatili ang integridad at pagiging kumpidensyal ng impormasyon.

KABANATA III: RESULTA NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga factual at empirikal na resulta ng pananaliksik ukol sa karanasan ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa asignaturang Filipino. Ang mga datos ay maingat na nakalap sa pamamagitan ng mga panayam sa mga gurong kalahok. Ang mga tekstwal na transkripsyon ay sinuri gamit ang **Colaizzi's (1978) seven-step method** upang matiyak ang kredibilidad, kahigpitan, at transparensya ng mga lumitaw na tema.

Ipinapakita sa kabanatang ito ang dalawang pangunahing bahagi:

Bahagi 1: Ang mga aktuwal na karanasan at positibong saysay ng gamipikasyon sa pagtuturo.

Bahagi 2: Ang mga estruktural, pedagogikal, at teknolohikal na hamon na kinakaharap ng mga guro sa implementasyon nito.

BAHAGI 1: Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Gamipikasyon upang Makaangkop sa Pagtuturo

Ang bahaging ito ay nagbubuo ng mga positibong karanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng mga estratehiyang may elemento ng laro sa asignaturang Filipino. Batay sa pagsusuri, lumitaw ang apat na pangunahing tema sa bahaging ito:

Tema 1: Pagtaas ng Motibasyon at Aktibong Pakikilahok ng mga Mag-aaral

Ipinapakita ng mga datos na ang gamipikasyon ay nagsisilbing mabisang estratehiya para sa mas masiglang pakikilahok ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay nagiging aktibong kalahok sa halip na pasibong tagapakinig.

Ayon sa salaysay ng mga kalahok:

"Mas naging active ang klase ko dahil sa gamipikasyon. Kapag may points o rewards, sumasali talaga sila." (IDI_1)

"Napansin ko na kahit mahiyain ang estudyante, gusto nilang sumagot kapag may game activities." (IDI_3)

"Sa katunayan ay nawawala ang antok ng mga mag-aaral pag ginagamitan ko sila ng mga game-based learning o gamipikasyon na aktibidad, mas nagiging interesado sila sa bawat paksa..." (IDI_Participant)

Pagpapatibay ng Literatura: Ang natuklasang ito ay tumutugma sa mga pag-aaral nina Schunk at DiBenedetto (2023) pati na nina Pintrich at Zusho (2022) na ang motibasyon ay may direktang epekto sa akademikong perormans at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sinuportahan din ito nina Hamari et al. (2022) at Alsadoon, Alkhawajah, at Suhaim (2022) na nagsabing ang gamified instruction ay nagpapataas ng learning motivation, engagement, at nagpapakilos maging sa mga mahiyain o pasibong mag-aaral.

Tema 2: Makabagong Estratehiya sa Pamamagitan ng Puntos at Gantimpala

Ipinahayag ng mga kalahok na ang paggamit ng mga mekanismo ng laro tulad ng online quizzes, points system, at talaan ng nangunguna (leaderboards) ay lumilikha ng isang malusog na kompetisyon na nagpapasigla sa klase.

Mababanaag ito sa kanilang mga tugon:

"Ginagamit ko ang quizzes na may points system para mas competitive sila." (IDI_6)

"Mas na-eengganyo ang mga estudyante kapag may points system dahil gusto nilang umangat sa ranking." (IDI_3)

"Nagiging competitive ang klase kapag may ranking." (IDI_11)

Pagpapatibay ng Literatura: Ayon kina Mekler et al. (2022) at Seaborn ng Fels (2023), ang puntos at talaan ng nangunguna ay nagsisilbing agarang pidbak sa unti-unting pag-unlad ng mag-aaral, na siyang nagpapatibay sa kanilang tiyaga na tapusin ang mga gawaing pangwika.

Tema 3: Interes at Kasiyahan sa Pagkatuto ng Wikang Filipino

Ipinunto ng mga guro na ang gamipikasyon ay nagbibigay-daan upang mapalakas ang pagpapahalaga, interes, at emosonal na koneksyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, na madalas ay itinuturing ng ilan na nakababagot.

Nabanggit ng mga kalahok:

"Malaking tulong talaga para sa akin... ang paggamit ng gamipikasyon dahil ito ay maaaring maging daan upang mapalakas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wikang Filipino..." (IDI_Participant)

"Kapag naeenjoy ng mga estudyante ang activity, mas nakakapag-focus sila at mas gusto nilang makilahok." (IDI_8)

Pagpapatibay ng Literatura: Ang obserbasyong ito ay tumutugma sa ulat nina Pia (2025) at Handoko et al. (2021) na nagpapakita na ang digital tools ay nagpapataas ng interes at pag-unawa sa aralin. Umaayon din ito kina Csikszentmihalyi at Nakamura (2023) sa kanilang teorya ng *Flow*, kung saan ang balanseng hamon at laro ay nagdudulot ng pokus at malalim na pagkatuto.

Tema 4: Pagkamalikhain at Pag-aangkop ng Guro (Teacher Adaptability)

Ang karanasan sa gamipikasyon ay nagbunsod sa mga guro na maging mas marunong umangkop at maparaan sa pagdidisenyo ng mga aralin batay sa reaksyon at kakayahan ng iba't ibang uri ng mag-aaral.

Inilahad sa mga salaysay:

"Mas naging creative ako sa paggawa ng activities dahil natututo ako habang nagtuturo." (IDI_9)



"Binabago ko ang strategy depende sa reaksiyon ng mga estudyante. Kapag hindi effective ang activity, naghahanap ako ng ibang paraan." (IDI_3 at IDI_7)

"Ina-adjust ko ang activities depende sa level ng mga estudyante. Kapag nahihirapan sila, gumagawa ako ng mas simpleng game activities." (IDI_4 at IDI_8)

Pagpapatibay ng Literatura: Ayon kay Kolb (2022) at Tomlinson (2023), ang pagkatuto mula sa aktuwal na karanasan ay nagpapalawak ng mapanuring pag-iisip ng guro. Ang ganitong pagbabago at pag-aangkop ng estratehiya ay mahalaga upang matugunan ang pagkakaiba-iba (differentiation) ng kakayahan at interes ng mga mag-aaral sa silid-aralan.

BAHAGI 2: Mga Hamon sa Paggamit ng Gamipikasyon sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Sa kabila ng mga positibong epekto, hinarap din ng mga guro ang iba't ibang estruktural, pedagogikal, at teknolohikal na limitasyon na nagiging hadlang sa matagumpay na implementasyon. Lumitaw ang mga sumusunod na tema:

Tema 5: Internet na Koneksyon at Kagamitang Pangteknolohikal bilang Pangunahing Hadlang

Ipinahayag ng mga guro na ang kakulangan sa maaasahang internet, gadgets, at sapat na imprastruktura ay nagiging sanhi ng pagkaantala ng klase at pagkawala ng pokus ng mga estudyante.

Ayon sa mga kalahok:

"Di talaga maiiwasan ang mga hadlang habang gumagamit ng gamipikasyon kasi puwedeng maging distraktibo at mawala ang pokus ng mga estudyante sa antala ng pagkawala ng koneksyon sa internet..." (IDI_Participant)

"Kay ang walang sapat na kaalaman sa teknolohiya [at kagamitan] ay maaaring hadlang talaga sa epektibong pagpapatupad ng laro-batay sa pagkatuto." (IDI_12)

Pagpapatibay ng Literatura: Ang temang ito ay umaayon sa natuklasan nina Alzahrani at Alhalafawy (2022) pati na nina Hebert et al. (2021) ukol sa kahalagahan ng imprastruktura. Sinuportahan din ito ng ulat ng UNESCO (2022) na ang teknolohikal na limitasyon sa mga papaunlad na bansa ay lumilikha ng digital divide o di-pantay na oportunidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Tema 6: Kakulangan sa Propesyunal na Pagsasanay at Suportang Institusyunal

Ilang guro ang nagbahagi ng salaysay na hindi sila pormal na nasanay sa paggamit ng mga makabagong gamified tools at madalas ay umaasa lamang sa sariling diskarte o panonood ng mga video tutorials sa internet.

Nabanggit ng mga kalahok:

"Wala naman akong pagsasanay na natatanggap ngunit kani-kaning strategy ng klase sa pagtuturo ay lagi namang ini-implementa sa aming paaralan... kadalasan jud ay tumitingin kami sa youtube ng mga video tutorial." (IDI_Participant)

"Kung ang guro ay di-sanay o wala bang kasanayan sa paggamit ay maaaring hadlang sa tamang pagpapatupad." (IDI_6)

"Ang mga guro na hindi nakakakuha ng sapat na suporta o pagsasanay ay maaaring maging walang kumpiyansa sa paggamit nito." (IDI_8)

Pagpapatibay ng Literatura: Ito ay kaayon ng natuklasan nina Sailer at Homner (2020) at Zainuddin et al.

(2020) na ang epektibong integrasyon ng gamification ay nakasalalay sa institutional support at teacher readiness. Ayon kina Ertmer at Ottenbreit-Leftwich (2022), ang kakulangan sa teknikal na kasanayan ay nagdudulot ng mababang kumpiyansa sa panig ng guro upang sumubok ng mga makabagong inobasyon.

Tema 7: Pag-uugnay ng Gamipikasyon sa Kurikulum (Pedagogical Alignment)

Ipinahayag ng mga guro na isang malaking hamon ang pagbabalanse ng laro at ng tunay na nilalaman ng kurikulum upang hindi mawala ang esensya ng edukasyon at hindi maging purong aliw o distraksyon lamang ang klase.

Isang kalahok ang nagpahayag:

"Mahalaga talaga ang tamang pagbalanse ng gamipikasyon sa pagtuturo upang hindi mawala ang pangunahing layunin ng edukasyon, na ang pagbibigay ng tamang kaalaman at kasanayan..." (IDI_Participant)

"Dapat tama ang integrasyon nito sa asignatura dahil ang hindi malinaw na integrasyon ay maaaring magdulot ng negatibong epekto..." (IDI_3)

"Kapag hindi maayos ang integrasyon ng gamipikasyon sa kurikulum, maaari itong maging distraction at mawala ang pangunahing layunin ng aralin." (IDI_10)

